

III -7 Mabuting Pag-uugali at Pamumuhay sa Bansang Hapon

1. Pakikibagay sa Kulturang Hapon

Ang pagtalima sa kulturang Hapon at pag-unawa sa kanilang uri ng pamumuhay ay isang paraan para mapadali at mapagaan ang paninirahan sa bansang Hapon. Nirekomenda na pag-aralan ito ng paunti-unti.

- Kapag may katagpo o appointment, siguraduhing makakarating sa pinag-usapang oras. Kung hindi makakarating o makakaabot sa pinag-usapang oras, siguraduhing masabihan ang iyong kausap ng maaga tungkol dito.
- Sa paraan ng pagbati, niyuyuko ang kalahati ng katawan at niyuyuko ang ulo. Kapag hindi gaano kakilala o malapit sa isang tao, ang pagtatanong (ng personal na katanungan tulad ng trabaho, sweldo, tungkol sa pamilya atbp.) ay isang kawalang galang o kabastusan.
- Kapag makikipag-usap sa mga Hapones, huwag maging makulit. Ito'y maaaring makainis o makairita sa kanila.

2. Pakikisama sa kapitbahay

(1) Pagbati

Ang pagbati sa inyong kapitbahay ay mahalagang bagay. Ang madalas na pagbati ay nagiging simula o susi ng mapayapa o mahinahong pakikipag-usap. Bukod dito, ang palitan ng pagbati ay maaaring maging isang paraan para mapigilan ang krimen sa inyong lugar.

(2) Ingay

Sa siyudad, may mga taong sensitibo sa ingay sa kanyang paligid na likha o mula sa pang-araw-araw na pamumuhay. Pati ingay ng mga bata ay hindi nila pinapatawad. Makabubuting mag-ingat na hindi makalikha ng ingay lalo na kung naninirahan sa komyunal tulad ng apartment. Karaniwan, pagdating na ng alas diyos ng gabi ay iwasan nating lumikha ng ingay na maaaring makaistorbo sa kalapit bahay. Alalahanin din natin na mayroon ding mga tao na sa gabi ang trabaho at sa araw sila kung bumawi ng kanilang tulog.

Kahit na sa palagay mo ay hindi ka nakakagawa ng ingay, maaaring maingay pa rin ito para sa iyong kapitbahay dahil sa istraktura ng bahay o gusali na nakakapagpalakas ng kahit na mahinang tunog o ingay lamang. Kaya mag-ingat sa paggamit ng vacuum cleaner, washing machine, paglabas-pasok sa kuwarto, at sa pagbukas-sara ng pinto lalo na sa gabi.

Kung naaabala sa ingay sa komyunal na tirahan na inyong inuupahan, kumunsulta sa ahente ng nasabing tirahan. At kung naaabala naman sa ingay ng ibang bagay, maaaring kumunsulta sa puno ng samahan ng magkakapitbahay.

(3) Samahan ng mga magkakapitbahay na may Sariling Pamahalaan (Jichikai o Chonakai)

Sa inyong lugar ay karaniwang may mga lokal o pampook na samahan ng mga magkakapitbahay tulad ng Jichikai na malayang nagpapatupad ng mga iba't-ibang proyekto para sa pagpapaganda sa samahan o pakikitungo sa isa't-isa, paglilinis, at pagpigil sa paglaganap ng krimen. Karaniwan sa kanilang mga gawain ay pagkakaroon ng pagsasama-sama o salu-salo upang sila'y maging malapit sa isa't-isa, paglilinis ng ilang pampublikong lugar at iba pang aktibidad ng grupo.

Hindi sapilitan ang pagsali sa Jichikai subalit may mga pakinabang ang pagsali dito, katulad ng mga pagkuha ng mga impormasyon ukol sa pamamahala ng inyong munisipyo at iba pa. Bukod dito, ang makilala ninyo ang inyong mga kapitbahay ay maaaring makatulong sa pagpigil sa paglaganap ng krimen. Makabubuting sumali o maging bahagi ng Jichikai hangga't maaari.

(4) Pagpapalibot ng Balita at Patalastas (Kairan-ban)

Ang mga miyembro ng Jichikai ay makakatanggap ng inililipot na balita (kairanban), patalastas o impormasyon na galing sa munisipyo. Karaniwan sa impormasyong ito'y nakasulat sa papel na nakaipit sa clipboard. Ito'y ihahatid sa iyo ng iyong kapitbahay. Basahin at tatakan ng hanko o pirmahan at pagkatapos ay ihahatid ito sa susunod na kapitbahay. Makabubuting itanong sa taong nagbigay sa iyo kung sino ang susunod o kanino dapat iabot.

(5) Paglilinis

Depende sa pook o lugar na inyong tinitirahan, may itinakdang araw para sa paglilinis ng paligid ng bahay, kalye, parke o palaruan at iba pa. Sa araw na ito, isa o mahigit pa mula sa miyembro ng bawat pamilya ang makikisama sa paglilinis at sa pagbubunot ng damo. Para sa pagtataguyod ng magandang samahan bilang magkakapitbahay, hinihiling na makisama sa paglilinis dahil makikilala ang mga naninirahan o residente na madalang lang makihalubilo dahil sa abala sa trabaho.